
| Numero ng pakipag-ugnayan |
| --- |
| |

Motohito Mitsuboshi, Mayor ng Anjo City
(inalis ang opisyal na selyo)

## Tungkol sa deklarasyon ng resident tax, atbp. na nauugnay sa aplikasyon para sa Benepisyo ng priyoridad na suporta sa pagtugon ng tumataas na mga presyo para sa ika-6 taon ng Reiwa (2024)　(Abiso)

Maraming salamat sa iyong pag-unawa at pakikipagtulungan sa welfare administration ng lungsod.
Ngayon, tungkol sa benepisyo ng pamagat (mula rito ay tinutukoy bilang「ang benepisyo」), simula Disyembre 13, 2024 (mula rito ay tinutukoy bilang「petsa ng sanggunian」), ang mga sambahayan na nakakatugon sa lahat ng sumusunod na「1 Kinakailangan para makatanggap」ay magiging kwalipikado.
Gayunpaman, sa petsa ng sanggunian, mayroong isang tao sa iyong sambahayan na「17 taong gulang o higit pa noong Enero 1, 2024, at hindi nagdeklara ng resident tax para sa piskal na taon 2024」(pakisuri ang nakalakip na papel 1), kaya hindi matukoy ang mga kinakailangan sa「1 (2)」.
Samakatuwid, kung nais mong makatanggap ng benepisyo, mangyaring tumugon ayon sa「2 Hindi nagdeklara na Kategorya」sa likod na pahina.
Magiging karapat-dapat para sa benepisyo, kung ang lahat ng miyembro ng isang sambahayan ay「exempt sa resident tax」bilang resulta ng deklarasyon.




**1 Kinakailangan para makatanggap**

(1) Dapat na nakarehistro bilang isang residente sa Anjo City sa petsa ng sanggunian.
(2) Lahat ng miyembro ng sambahayan ay dapat na「exempt sa resident tax para sa piskal na taon 2024 sa petsa ng sanggunian.
※Ang resident tax para sa piskal na taon 2024 ay tutukuyin batay sa「kita mula Enero hanggang Disyembre 2023」.
※Para sa mga na-exempt sa pagbabayad ng buong halaga ng resident tax para sa piskal na taon 2024 dahil sa mga ordinance reduction/exemption, ang resident tax ay exempt batay sa resulta ng exemption, kaya magiging kwalipikado kung matutugunan ang mga kinakailangan sa pagbabayad.
※Hindi magiging karapat-dapat ang isang sambahayan na mayroong miyembrong「dayuhan na exempt sa resident tax batay sa mga kasunduan sa buwis」.
(3) Ang lahat ng miyembro ng sambahayan ay hindi dapat dependent sa「ibang mga kamag-anak, atbp. na napapailalim sa resident tax para sa piskal na taon 2024」sa petsa ng sanggunian.
(Kwalipikado kung ilan lamang sa mga miyembro ng sambahayan ang dependent.)
Ang mga sumusunod na sambahayan ay hindi karapat-dapat.
① Isang matandang tao na tax exempt na dependent sa anak mula sa ibang sambahayan na nabubuwisan
② Mga mag-aaral na tax exempt na dependent sa mga magulang na nabubuwisan ngunit namumuhay nang mag-isa na malayo sa kanilang mga magulang
③ Mga bagong miyembro ng lipunan mula 2024 na tumatanggap ng suporta mula sa kanilang mga magulang noong 2023 (tax exempt)
④ Isang tax-exempt na asawa(misis) at anak na sinusuportahan ng asawang(mister) nag-iisang nagtatrabaho
※Mangyaring suriin sa iyong pamilya tungkol sa katayuan ng dependent.
※Ang mga dependent ay dependent sa ilalim ng batas sa buwis, kaya iba sila sa mga dependent sa ilalim ng health insurance.

**(sa likod na pahina) →**

**2. Hindi nagdeklara na Kategorya**

Para sa mga「nakarehistro bilang residente **sa Anjo City** simula noong Enero 1, 2024」

(1) Mangyaring dalhin ang kalakip na「Information card ng Municipal Tax Section ng Municipal Tax Division」(mula rito ay tinutukoy bilang「Information card」) at pumunta sa Municipal Tax Section ng Municipal Tax Division (window no.50) sa ika-2 palapag ng North Building.

(2) Mangyaring magdeklara ng resident tax para sa piskal na taon 2024 (batay sa kita mula Enero hanggang Disyembre 2023) para sa lahat ng nakalista sa information card. Personal na selyo ang kinakailangan kung ang isang miyembro ng parehong sambahayan ay nagdeklara ng buwis para sa kanila.

(3) Kapag nakumpirma na na ang lahat ng miyembro ng sambahayan ay magiging「exempt sa resident tax」para sa piskal na taon 2024, mangyaring isumite ang mga dokumentong nakalista sa「4 Mga dokumentong isusumite」kasama ang information card na may selyo ng pagtanggap at isumite sa Welfare Counseling Section ng Social Welfare Division (window no.41) sa unang palapag ng North Building.

※Para sa mga detalye ng deklarasyon, mangyaring makipag-ugnayan sa Municipal Tax Section ng Municipal Tax Division (0566-71-2214).

Para sa mga「nakarehistro bilang mga residente **sa labas ng Anjo City** noong Enero 1, 2024」

(1) Mangyaring suriin kung paano ideklara ang resident tax para sa piskal na taon 2024 (batay sa kita mula Enero hanggang Disyembre 2023) sa Resident Tax Department ng munisipalidad kung saan ka nakarehistro bilang residente simula Enero 1, 2024.

(2) Mangyaring ideklara ang iyong resident tax para sa piskal na taon 2024 sa munisipalidad.

(3) Pagkatapos mag deklara, kumuha ng Tax Exemption Certificate na ibinigay ng munisipalidad.

(4) Mangyaring isumite ang mga dokumentong nakalista sa「4 Mga dokumentong isusumite」gamit ang nakapaloob na sobre ng pagpapadala pabalik.

**3.Karagdagang bahagi para sa mga bata**

Ang karagdagang bahagi para sa mga bata (20,000 yen bawat bata) ay babayaran sa mga sambahayan na nagdeklara ng buwis at kwalipikado para sa Benepisyo ng priyoridad na suporta sa pagtugon ng tumataas na mga presyo.

**Kinakailangan para makatanggap**

(1) Sa mga sambahayan na karapat-dapat para sa Benepisyo ng priyoridad na suporta sa pagtugon ng tumataas na mga presyo, ay mga sambahayan na may mga anak na nakarehistro bilang residente sa Anjo City sa petsa ng sanggunian at kapareho ng pamumuhay.

(2) Para sa mga batang wala pang 18 taong gulang (ipinanganak ng Abril 2, 2006 onwards)

- Ang mga bagong silang na ipinanganak ng Disyembre 14, 2024 onwards ay karapat-dapat din (Kakailanganin magsumite ng magkahiwalay na bagong panganak na application form o Newborn Application Form)
- Mga batang nakatira sa ibang sambahayan ngunit kapareho ng pamumuhay

→ **Makipag-ugnayan sa Benefits Call Center (0566-77-9511)**

※Para sa mga karapat-dapat na bata, mangyaring markahan ng bilog (◯) sa application form na「1. Katayuan ng sambahayan simula Disyembre 13, 2024」.

※Ang mga batang naninirahan sa ibang bansa ay hindi karapat-dapat.

**4.Mga dokumentong isusumite**

(1) Application Form ng Benepisyo ng priyoridad na suporta sa pagtugon ng tumataas na mga presyo・Karagdagang bahagi para sa mga bata

Mangyaring punan ang kinakailangang impormasyon.

(2) Kopya ng dokumento sa pagpapatunay ng pagkakakilanlan

Lisensya sa pagmamaneho, My Number Card (front side lang), Basic Resident Registration Card, Pasaporte, Residence Card, Special Permanent Resident Certificate, Health Insurance Card, Handbook ng Pensiyon, Livelihood Protection Recipient Certificate, atbp. (Kopyahin ang bahagi kung saan nakasulat ang pangalan at kasalukuyang address)

(3) Kopya ng dokumentong nagpapatunay sa receiving account

Libreta o cash card

(Kopyahin ang bahaging naglalaman ng pangalan ng bangko, pangalan ng branch, numero ng account, uri ng deposito at pangalan ng may-ari ng account)

(4) Mga dokumentong maaaring magkumpirma ng resident tax para sa piskal na taon 2024

Tax Exemption Certificate (kopya)

**5. Halaga na matatanggap**

Benepisyo sa sambahayang tax exempt: 30,000 yen bawat sambahayan

Karagdagang bahagi para sa mga bata: 20,000 yen bawat bata

**6. Aplikante at tatanggap**

Pinuno ng sambahayan simula noong Disyembre 13, 2024

**7. Deadline ng pagsusumite**

Mayo 31, 2025 (bisa ng postmark)

**8. Iba pa**

(1) Bilang resulta ng deklarasyon, kapag ang resident tax sa piskal na taon 2024 ay ipinapataw, hindi maibibigay ang benepisyo.

(2) Pakitandaan na ang pagbabayad ng benepisyo ay maaaring hindi gawin bilang resulta ng pagsusuri ng aplikasyon.

(3) Ililipat/ihulog ang benepisyo sa itinalagang bank account humigit-kumulang isang buwan pagkatapos isumite ang application form.

〈Call Center〉 Benefits Call Center
Numero ng Telepono: 0566-77-9511
Oras ng pagtanggap: mula 9:00 am hanggang 5:00 pm (weekdays lang)